VOLUME 6 ISSUE 2 | JULY TO DECEMBER 2023 | ISSN 2719-0293

# ATING KAUGNAY

THE OFFICIAL PUBLICATION OF AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE - REGIONAL TRAINING CENTER 5




## ALAMAT NG POLANGUI: MARICRIS BERNARDINO ng HVCDP

READ ON PAGE 8



## BIYAYA SA BATUHAN:

Darwel, RCEF Exemplar ng Masbate

READ ON PAGE 11

ATI Bicol

# INSIDE

## NEWS


Libmanan Farmers Aim for 4th Industrial Revolution 1

ATI Bicol, LGU Capalonga Lead Groundbreaking of Swine Multiplier Farm Project 2

2nd Swine Multiplier and Techno-Demo Farm Project To Rise at Manito, Albay

DA-ATI Bicol, Ibinida Ang UMA, LSA sa 2nd Bicol Tourism Expo 3

DOT Conducts FBSE Training for ATI Bicol Staff 4

Upscaling Agricultural Development: CPAFEP in Bicol

Info Caravan on Animal Health Kicks Off, Promotes Responsible Animal Health Management 5

BALSA: Sailing Towards Agricultural Excellence

Hanza, Nagwagi sa Pinaka-OA na Quiz Bee 6

Bicolano Youths Bring Home the BINHI

Okay sa Alright! ATI Bicol, Nakiisa Sa 9th Organic Agriculture Month Celebration 7


## FEATURE


Alamat ng Polangui: Maricris Bernardino ng HVCDP 8

Biyaya sa Batuhan: Darwel, RCEF Exemplar ng Masbate 11

14 20 Farmer-Leaders, Ganap Nang #SmartFarmers

2 Bicolano AEWs Are National Finalists in Search for Outstanding 4-H Club Coordinator

15 Robert Diesta is National Finalist in Search for Outstanding 4-H'er

JAEC, ATI Introduce Savers Technology

16 500 Magsasaka ng Prutas at Gulay ng Masbate, Nagtapos sa SOA on Good Agricultural Practices

ATI Bicol Orients and Facilitates Contract Signing

17 Foreign Students, Professors Visit ATIng UMA

Payo Sa Palay (RCM Briefing) Isinagawa sa Pamplona, Camarines Sur

18 Measuring Effects: Rollout of MEL Platform in 4D Farms

19 27 AEWs Nagtapos sa SL-TOT on Corn Production: 133 Magsasaka, Nagtapos Din sa FFS

2,500 Magsasaka, Nagtapos sa PalayAralan

20 Feeding Growth and Cultivating Connections: ATI Bicol Joins 6th Bicol Agri Summit

Bicolanos Revolutionizing the Agriculture and Fisheries Extension Through PAFES

ATI Bicol, DA-RFO 5, AVO Conduct Swine Health Care Management

21 ATI Bicol, Umapaw Ang Saya sa Family Day

ATI Bicol, Nagbigay Saya Sa Mga Mag-aaral ng Pili SPED Center

22 Parangal, Pamaskong Katuwaan Isinagawa sa ATI Bicol Praise Night





## About the Cover

This edition features the success stories of Maricris Bernardino, an agricultural extension worker of Polangui, Albay and Darlon Amante ng Darwel Farm, Masbate which is a Rice Competitiveness Enhancement Fund - Learning Site for Agriculture o RCEF-LSA.

# LIBMANAN FARMERS AIM FOR 4TH INDUSTRIAL REVOLUTION

**LIBMANAN, Camarines Sur – ATI Bicol teamed up with the Central Bicol State University of Agriculture (CBSUA) and the Department of Agriculture-Regional Field Office No. V (DA-RFO5) Regional Rice Program Office to conduct the #DigitalFarmers Program for the Oragon Farmers Agriculture Cooperative (OFAC) in Libmanan, Camarines Sur.**



*New Hope Precision Agriculture Corperation staff prepares drone before the actual seed broadcasting.*



*DFP 103 v2 participant together with ATI Bicol Center Director Elsa Parot and TMS pose for a group photo.*

**LET'S GO DIGITAL VERSION 2.0**

After completing the Digital Farmers Program (DFP)-Smart Agriculture Technologies (SAT) Phases 1 and 2 on July 18-20 and 25-27 in Libmanan, Camarines Sur, the Oragon Farmers Agriculture Cooperative (OFAC) received the DFP v2.0 which focused on Drone Technology Services.

The OFAC as a Farm and Fisheries Clustering and Consolidation (F2C2) program beneficiary and identified by the Department of Agriculture-Regional Field Office No. 5 (DA-RFO5) to receive the intervention.

The first of its kind, DFP v2.0 is made possible through the partnership of DA-ATI with DA-RFO5 Rice Program and the Municipal Agriculture Office. The activity is made possible with the collaboration of New Hope Precision Agriculture Corporation, which served as drone service provider.

Let's Fly! Let's go Digital!
**PRIMALOU B. IMPERIAL**



# ATI Bicol, LGU Capalonga Lead Groundbreaking of Swine Multiplier Farm Project

**CAPALONGA, Camarines Norte** – The Local Government Unit of Capalonga, in collaboration with Agricultural Training Institute - Regional Training Center 5 (ATI Bicol), led the groundbreaking for the construction of the 30-Sow Level Swine Multiplier Farm Project. The ceremony was successfully conducted on September 20, 2023, at Brgy. Alayao, Capalonga, Camarines Norte.

On behalf of ATI Center Director Elsa A. Parot, OIC-Assistant Center Director Emmanuel Orogo officiated in the ceremony. In attendance in the said activity was the Municipal Mayor of Capalonga, Hon. Luz E. Ricasio, together with all section heads of the Local Government Unit of Capalonga. The Swine Multiplier Farm Project aims to speed up the recovery of the hog sector from the African Swine Fever (ASF) in the Philippines. **ENGR. JOHN SMITH ARCILLA**



# 2nd Swine Multiplier and Techno-Demo Farm Project To Rise at Manito, Albay





**MANITO, Albay** – The groundbreaking ceremony for the construction of the 30-Sow Level Swine Multiplier and Techno-Demo Farm Project in Sitio San Jose, Nagotgot, Manito, Albay was successfully conducted on December 12, 2023.

The said activity was spearheaded by ATI Bicol Center Director Elsa A. Parot; OIC – Assistant Center Director Emmanuel L. Orogo; DA-RFO 5 Senior Agriculturist Dr. Salvadora Gavino; Municipal Mayor of Manito Hon. Rebecca Chen; and Municipal Agriculturist Joebert A. Daria. The Swine Multiplier Farm Project aims to speed up the recovery of the hog sector from Animal Swine Fever (ASF) in the Philippines. Also, this project aims to produce and promote good swine genetics and provide an additional source of income to the partner swine raisers. **ENGR. JOHN SMITH ARCILLA**



# DA-ATI BICOL, IBINIDA ANG UMA, LSA SA 2ND BICOL TOURISM EXPO!

**PILI, Camarines Sur** — Dahil nga isang tourist destination na, pagsali ng ATI Bicol sa 2nd Bicol Tourism Expo, may ipagmamalaki na.

Kung maaalala, ang ATI Bicol ay hinirang na Agri-Tourism Farm Site ng Department of Tourism noong nakaraang Abril. Ang dahilan nito ay ang Unlimited Mentoring in Agriculture o UMA na isang technology demonstration site sa loob ng ATI compound na nagpapakita ng mga teknolohiya sa iba't-bang larangan ng agrikultura. Ang 'uma' ay salitang Bikol na ang ibig sabihin ay 'bukirin.'

Ang 2nd Bicol Tourism Expo ay pinapangunahan ng Camarines Sur Chamber of Commerce and Industry kasama ang Provincial Government ng Camarines Sur. Ang ATI Bicol ay isa mga katuwang sa taunang okasyong ito, kasabay ang 6th Food and Beverage Expo.

Sa menhase ni Center Director Elsa Parot na binasa ni OIC Emmanuel Orogo, sinabi nito ang karangalan ng ATI na maging bahagi muli ng Tourism at Food and Beverage Expo.




"Sa nakaraang dalawang taon, kaisa ng Camarines Sur Chamber of Commerce and Industry ang ATI Bicol sa layuning mabigyan ng oportunidad ang mga Bikolano na ibida ang natatanging produkto at serbisyo.

Ngayong taon, ipapakita ng mga nangungunang ATI-certified Learning Sites sa Camarines Sur ang kanilang masarap at masustansyang mga produkto. Ang mga ito ay tinatangkilik hindi lang ng mga Bicolano at mga Pilipino, kundi maging ng mga turista at dayuhan mula sa ibang bansa. Ang mga produktong ito ay pangunahing dahilan kung bakit tourism destinations na ang mga Learning Sites for Agriculture!"

Kasama ng ATI ang mga Learning Site for Agriculture kabilang ang Viani's Farm and Resort, Pasto De Iriola Agri-Tourism and Family Farm, Carmel Farm, El Silvestre Integrated Farm, Salvador Emeteria Agri-Tourism Farm at Magel Golden Integrated Farm. Ibinibida nila ang kanilang mga prodkto gaya ng crispy pili, dragon fruit, bignay juice, bignay jam, passion fruit juice, passion fruit jam, pili candy, at iba pa.

Ang expo ay ginanap sa Capitol Convention Center magmula Agosto 24 hanggang 27, 2023. **ISAGANI C. VALENZUELA, JR.**



## DOT CONDUCTS FBSE TRAINING FOR ATI BICOL STAFF



**PILI, Camarines Sur** –
The Department of Tourism Region 5 conducted a Filipino Brand of Service Excellence (FBSE) training for Agricultural Training Institute Regional Training Center V (ATI Bicol) staff on December 15, 2023 at Isarog Hall, San Agustin, Pili, Camarines Sur.

The FBSE is the flagship training program of the Department of Tourism designed to develop and sustain a tourism workforce capable of providing excellent quality services of globally-competitive standards to tourists and visitors traveling to and around the country while establishing and maintaining good customer relationships.

The Department of Tourism Region 5, headed by Director Herbie Aguas with Mr. Philip Bartilet as a Resource Speaker and Ms. Astrid Angelique B. Garcia as facilitator, laid down the four modules training which aims to demonstrate an understanding of the importance of excellent customer service skills; describe the communication process, barriers to communication and listening skills as effective communication tools; and provide effective techniques to handle customer concerns.

The ATI Bicol's ATIng UMA (Unlimited Mentoring in Agriculture) is a DOT-accredited Agri Tourism Farm. **ALEXANDER O. VARGAS**

## UPSCALING AGRICULTURAL DEVELOPMENT: CPAFEP IN BICOL

**NAGA CITY, Camarines Sur** –
To bolster and refine the existing Provincial Agri-Fishery Extension Programs (PAFES) across various provinces in the region, a planning workshop was conducted on October 24-26, 2023 at Naga City, Camarines Sur.



This is to finalize the Collaborative Provincial Agri-Fishery Extension Program (CPAFEP) and discuss the co-investment agreement among provinces, DA and DA attached agencies and Bureaus. This initiative was conducted by the Department of Agriculture-Regional Field Office V (DA RFO 5) led by RTD for Operations, Luz R. Marcelino and the Agricultural Training Institute V (ATI Bicol), headed by the Center Director, Elsa A. Parot.

The workshop was facilitated by esteemed figures such as Dr. Vladimir R. Foronda, the Director of the Extension Services Division at Central Bicol State University of Agriculture (CBSUA), and Dr. Arthur Estrella, a distinguished retired Professor VI from the same institution, this program sets out to implement a comprehensive strategy for sustainable agricultural growth.

Among the highlights of this event is the discussion of the co-investment agreement among provinces, DA and DA attached agencies and Bureaus, aimed at providing substantial support and to fuel to the progressive plans of the PLGUs in the field of agri-fishery extension. With a firm focus on improvement, the collaborative effort aspires to elevate the agricultural landscape in the Bicol region, promising a brighter and more prosperous future for the local farming communities. **CHARLENE O. FREEMAN**

## INFO CARAVAN ON ANIMAL HEALTH KICKS OFF, PROMOTES RESPONSIBLE ANIMAL HEALTH MANAGEMENT

**MASBATE CITY, Masbate** –
In a bid to improve animal welfare and promote responsible animal health management, ATI Bicol launched the Information Caravan on Animal Health in partnership with veterinary experts in the six provinces of Bicolandia.

The caravan kicked off on July 12, 2023 in the Province of Catanduanes and July 27, 2023 in the Province of Masbate. It aims to empower livestock and poultry owners by equipping them with knowledge and skills necessary for better animal health management and minimize the risk of disease outbreaks.

The discussions emphasized the significance of preventive measures, such as vaccinations and regular health check-ups, in safeguarding the health of livestock and poultry a nimals.

The Information Caravan on Animal Health is set to reach all the provinces of the region over the next two months, and spread essential knowledge about animal health care to a broader audience.

MICHAEL D. VILLEZAR

## BALSA: SAILING TOWARDS AGRICULTURAL EXCELLENCE!



**PILI, Camarines Sur** – The Bicol Association of Learning Site for Agriculture (BALSA) recently convened for a momentous General Membership meeting at ATI Bicol, Diversion Road, San Agustin Pili, Camarines Sur on July 22, 2023. The event was a resounding success, marked by the presence of Learning Sites for Agriculture (LSAs), who are brilliant and passionate farmers across the Bicol Region.

During the meeting, the BALSA delved into the key agenda items that will shape the path of the agriculture sector of the Bicol Region. Notable highlights included the presentation on Vetiver grass by CBSUA, discussions on the transformative Magna Carta for Young Farmers, the ways forward of BALSA, and the pivotal election of a new set of BALSA Officers. Dr. Ramona Ines-Bustamante Raneses, LIB, the BALSA Founding President, skillfully presided over the proceedings and guided the BALSA members with her expertise and leadership. ATI Bicol Center Director Elsa Parot took the lead for the oath-taking ceremony of the new BALSA Officers, symbolizing their commitment to lead the way towards progress and prosperity in the agricultural sector.

The role of BALSA Officers in developing the agricultural sector in the Bicol Region cannot be overstated. They are the compass guiding toward progress, unity, and harmonious collaboration. BALSA (Boat) relies on a steady and synchronized pag- sagwan (paddling) to keep moving forward and achieve the shared vision for a prosperous agricultural community.
In the spirit of camaraderie, the BALSA celebrated togetherness with a delightful potluck. By bringing together diverse dishes from each participant, the potluck symbolizes the spirit of unity, sense of responsibility and collaboration within the BALSA community.

Let us continue to unite, innovate, transform, and empower. Together, we will sail the waters of progress, tilling the fields of success for Bicol's agricultural landscape. **ALEXANDER O. VARGAS**

# GANZA, NAGWAGI SA PINAKA OA NA QUIZ BEE




**DILIMAN, Quezon City** – Nagwagi si Kean Eric Ganza bilang 2nd Placer sa 2nd Kabataan Organic Agriculture National Quiz Bee na ginanap sa Rural Development Education Center (RDEC), ATI, Diliman, Quezon City noong ika-23 ng Nobyembre 2023. Siya ay mag-aaral ng Sorsogon State University ng Castilla, Sorsogon na kumukuha ng kursong Bachelor in Agricultural Technology.

Ang parangal ay ibinigay bilang pagkilala sa kanyang huwarang pagganap tungop sa pagpapaunlad ng kabataan sa larangan ng organikong pagsasaka sa bansa.

Congratulations, Kean! Pagpugay din kina Coach Marlon Gabelo at Organic Agriculture (OA) Focal Person Justine Rose C. Tubig. Pagbati mula sa ATI Bicol. **CHRISTIAN T.R. TOSOC**

## Bicolano Youths Bring Home the BINHI!




**PARAÑAQUE CITY** –Eight young Masbateños amassed top prizes during the Binhi ng Pag-asa Program (BPP) National Summit and Yearend Assessment on December 5-7, 2023 at Paranaque City.

Joyce Atacador of Palanas, Masbate got the First Prize in the BPP Agri Tagisan Knowledge Quiz Bee.

Rey Sipalay of Cawayan, Mary Joy Betsaida of Balud, and Mary Ann Gribialde of Mandaon placed Second, Third, and Fourth in the neck-to-neck quiz competition.

Meanwhile, in the BPP Project Proposal Making Contest, the municipalities of Palanas and Aroroy placed second and third as Christina Thalia Tobi and Mao Japhet Sampaga valiantly proposed their Low Carb Fish Ball Yaki and El Oro Smoky projects.

Earning special prizes, Mobo's Nephtalie Aban and Milagros' Ronel Labastida also nobly defended their original concepts titled BSF, My BFF: A Black Soldier Fly Farming and Milagros Fytotofyto (Plant to Plant).

With the theme, "YouthPACE: Producing Agripreneurs and Catalysts Towards Excellence," the 2023 National Summit points to Jose Rizal's adage that "The youth is the hope of our future" as the young leaders bring home their seeds of new-found skills.

Congratulations to all the winners! Excellent work, Masbate youths!

A collaborative project with the Office of Senator Grace Poe, the Binhi ng Pag-asa Program gears up the young people to become competent agripreneurs by undergoing trainings on leadership and agriprenuership. BPP also provides post-training agricultural starter kits. It has been extending support to hundreds of youth in the Bicol Region since 2021. **PRIMALOU B. IMPERIAL**





# OKAY SA ALRIGHT! ATI BICOL, NAKIISA SA 9TH ORGANIC AGRICULTURE MONTH CELEBRATION



*Ibinida ng mga OA scholar ang kanilang mga natanggap na tseke. Kasama nila sina Director Elsa Parot, AMAD Chief Adelina Losa, ATI Bicol OA Focal Person Justine Tubig (nakaluhod, sa kanan) at OA Alternate Focal Person Danjhan Layco (nakaluhod, sa kaliwa).*



*Ipinagmalaki ng mga contestant ang kanilang mga luto sa OA Master Chef Cook-Off*

**PILI, Camarines Sur** – Naging makulay at masaya ang ginanap na isang araw na culmination activity ng 9th Organic Agriculture Month Celebration na may temang 'Kabuhayang OA, Kinabukasang OK!'

Ang kaganapan ay pinagsamang pwersa ng ATI Bicol, DA-regional Field Unit 5 at Central Bicol State University of Agriculture (CBSUA) na siyang naging host sa mga aktibidad na ginanap nang nakaraang ika-20 ng Nobyembre.

Si ATI Bicol Center Director Elsa Parot ay isa sa mga pangunahing bisita. Kasama nya sina DA-RFO 5 Regional Technical Director for Operations Luz Marcelino, Agribusiness & Marketing Assistance Division Chief at Regional Organic Agriculture Focal Person Adelina Losa, at Joeve Calleja, ang Organic Agriculture Division Chief ng Bureau of Agriculture and Fisheries Standards na kumatawan sa keynote speaker na si BAFS Director Dr. Karen Kristine Roscom. Mismong si CBSUA President Dr. Alberto Naperi ang nag-welcome sa mga bisita at nagbigay ng pambungad na talumpati.

Sa kanyang mensahe, ipinahayag ni Director Parot ang kanyang pagkamangha sa malawakang pag-unlad ng Organic Agriculture sa Bicol magmula ng itinaguyod ito noong taong 2011. Si Director Parot ay nagsilbing National Program Director bago sya nahirang bilang hepe ng ATI Bicol. Ibinahagi din nito na sinasanay na nila ang mga kabataan na itaguyod ang Organikong Pagsasaka para mas lalo pa itong lumawak at tumagal. Idinagdag pa nya na ang mga kasalukuyang Learning Site for Agriculture o LSA ay bunga ng programa ng Organic Agriculture.

**NATURAL & ORGANIC TRADE FAIR**

Isa sa highlight ng aktibidad ay ang Natural & Organic Trade Fair. Dito ibinida ang mga tanim at mga produktong walang halong sintetikong pataba at pestisidyo. Kabilang sa mga exhibitors ang mga LSA gaya ng Herbas Immaculada Organic Farm, Manuel's Garden, Deloverges Agri Farm, at Viani Farm. Naroon din ang Pecuaria Development Cooperative, Baao Organic Agriculture Cooperative, Camarines Norte Federation of Cooperatives, Mhina's Garden at Dhadz Integrated Farm.

**OA YOUTH SCHOLARSHIP**

Nagkaroon din ng pamamahagi ng extension grant nagkakahalagang Php150,000 na bawat isa sa sampong OA scholars. Ang mga iskolar ay sina Blandino Alvarez, Hajie Tapia, Diosdado Culiat Jr, Edifio Alberto, Leo Galgal, Christian Capitan, Arjay Cahigao, Fidel Marpuri, Babyjean Meralpis at Janet Ibarrientos. Ang grant ay gagamitin nila sa pagpapalago ng kanilang napiling proyektong pangkabuhayan. Ito ay bukod sa buwanang stipend na kanilang natatanggap.

**KABATAANG OA QUIZ BEE**

Pinarangalan din ang mga nagbawagi sa Kabataang OA Regional Quiz Bee na nilahukan ng mga mag-aaral sa buong rehiyon. Ang nagwagi ay si Kean Erick Ganza ng Sorsogon State University. Siya ay tumanggap ng premyong Php10,000. Ang mga kasama nya rin sa nasabing Pamantasan ang pumagalawa at pumangatlo. Ang ika-apat ay mula sa Catanduanes State University at ang pangalima ay sa CBSUA. Si Kean Ganza ay 2nd placer sa ginanap na National Kabataang OA Quiz Bee.

**OA MASTER CHEF COOK-OFF**

Ito na ang pinakaabangan ng lahat. Ang tagisan ng kaalaman at pagiging malikhain sa pagluluto gamit ang pangunahing sangkop na kamote. Ang mga nagsipagtunggali ay ang Minah's Garden, Reamj Food Product, Baao Organic Agriculture Cooperative, Saldo's Natures Farms, Herbas Immaculada Organic Farm, at Viani Farm.

Pagkatapos ng dalawang oras na pagluluto at panunuri ng mga hurado,

*Continue reading on page 18*

# ALAMAT NG POLANGUI: MARICRIS BERNARDINO ng HVCDP

Ayon sa mga sinaunang kwento, ang pangalan ng bayan ng Polangui, sa lalawigan ng Albay, ay hango sa mapulang kahoy na kilala noon sa tawag na 'Oyangui.'

Isa pang kwentong tinatangkilik ng mga Polangueño ay tungkol sa dilag na may pangalang Maria at palayaw na 'Angui.' Madalas syang nakasuot ng kulay pula kaya't tinawag syang Pulang Angui. Dahil sa angking kariktan at galing sa pamumuno sa kanayunan, ang pangalan nya ang tumatak sa isip ng mga mamamayan at pinag-ugatan ng pangalan ng kanilang lugar.

Wari'y ang alamat ay isinasabuhay sa kasalukuyang panahon. Unti-unting nakikilala ang bayan ng Polangui dahil sa mga tanim nitong makulay ang bunga, at sa panalong High-Value Crops Development Program (HVCDP) Coordinator nitong si Maricris "Chris" Bernardino.

**'Di Karaniwan**

Dalawampu't anim (26) ang average na bilang ng mga barangay sa isang siyudad o munisipyo sa bansa. Sa bayan ng Polangui, lalawigan ng Albay, apatnapu't apat (44) na barangay ang kailangang maabot ng Municipal Agriculture Office (MAO).

Pahayag ni Leslie Bongalos, MAO Officer-in-Charge, "Sa upland area, nandun karamihan ay sugarcane, banana, vegetables. Dito sa lowland, maraming crops ang tinatanim dito."

Isa ang cacao sa may malaking kontribusyon sa sektor ng pagsasaka sa Polangui. Dagdag ni Ma'am Leslie, "Halimbawa sa taniman ni Gary Lotivo, he engages in cacao production. Nag-training sya tungkol sa cacao. Maganda po yung impact. Hindi lang dito sa Polangui niya naibebenta kundi sa buong Pilipinas."

Mahalaga ang papel ng high-value crops Coordinator na si Maricris sa tagumpay na naani ng mga magsasakang tulad ni Gary. "Congratulations to her, because of her dedication to work, she won last year as Outstanding HVCDP Coordinator for Albay and Regional Outstanding HVCDP Coordinator."

Sa kauna-unahang High-Value Crops Achievers Award na iginawad noong 2022, isang Plaque of Award ang tinanggap ni Chris mula sa Department of Agriculture-Regional Field Office (DA-RFO) bilang pagkilala sa kanyang kontribusyon sa pag-angat ng industriya ng high-value crops sa rehiyon.

**Mula sa Simula**

"Sa una po, talagang mahirap," kwento ni Chris. "Little by little, through trainings, paunti-unti ko pong natutunan kung paano ang cultural management, paano mag-kontrol ng pests and diseases. Ang ATI (ay) palaging nagpapatawag ng training. Active ako pagdating po doon sa mga training, lalo maraming commodities, iba-iba ang mga pesteng umaatake. Doon po talaga ako na-challenge, dun ako nahirapan. Malaking tulong po ang ATI kung paano ma-identify, paano masugpo ang mga pests and diseases."

Taong 2006 nang naging Agricultural Extension Worker (AEW) si Chris. Gradweyt ng kursong edukasyon, sinikap ni Chris na makapagsanay tungkol sa agrikultura. Noong 2010, isa si Chris sa mga AEWs na nagsanay sa Season-Long Training of Trainers (TOT) tungkol sa high-value crops na isinagawa ng Agricultural Training Institute (ATI) sa Bicol University College of Agriculture and Forestry (BUCAF), Guinobatan, Albay. Sinundan ito ng iba pang pagsasanay sa ilalim ng HVCDP.




Ang mga natutunan nya ay dinala ni Chris sa mga magsasaka. "Nag-umpisa po ako sa training, doon po sa BUCAF, sa TOT. Pasunod-sunod na po yun. Nag-attend pa rin po ako ng trainings ng ATI. Nag-conduct ako ng training on concoctions, Fermented Fruit Juice, instead of using inorganic. Malaking tulong yun. Gumagamit kami ng mga organic and inorganic (fertilizers and pesticides)."

Dahil sa mga pagsasanay, kapansin-pansin ang pag-unlad ng kasanayan ng mga magsasaka, ayon kay Chris. "Yung mga associations, equipped talaga sila. They are more knowledgeable now compared noon. Ngayon, kapag may pesteng umaatake, alam na nila kung ano talaga ang dapat i-spray."

**Pinunong Magsasaka**

Bukod sa mga pagsasanay na isinasagawa nya, nakita ni Chris ang halaga ng farmer leaders. Inorganisa ni Chris ang farmers associations sa pamumuno ng farmer leaders na kasama nya sa mga pagsasanay na isinasagawa ng ATI.

Isa sa pangunahing mandato ng ATI ang magsanay ng mga AEWs at farmer leaders. Paliwanag ni Chris, "Malaking tulong po ang ATI, kasi minsan sinasama ko ang aming mga president. After the trainings, nagka-conduct po kami ng echo training.

"Nag-organize kami ng mga associations. May mga pagkakataon ding ang mga farmer leaders ay kasama din namin nag-training sa ATI, sa DA, sa APAO.

"Kung ano po ang natutunan namin doon, yun po mismo ang nile-lecture namin sa mga farmers. So after the training ng ATI, deretso po yan sa farmers, nagpapatawag po kami ng training. Doon po ini-implement ang mga natutunan namin. Kaya maganda yung associations namin."

Aniya, mas madaling makipag-ugnayan sa mga magsasaka sa pamamagitan ng farmer leaders tulad ni Edgar "Gary" Lotivo.

Dating heavy equipment operator, si Gary ngayon ay isa nang walang pasubaling magsasaka. "Since 2010, bilang Committee on Agriculture Kagawad, naumpisahan kong mahilig sa pagtanim. Noong 2010, napuntahan po ako ni Ma'am Chris. Nandyan pa po ang aming taniman sa Napoville subdivision. Ang tinanim namin ay ampalaya, talong, at kamatis. Wala pa po akong gaanong alam sa pagtatanim. Sa tulong po ng aming HVCDP Coordinator, si Ma'am Chris, maraming training at seminar na pinapa-attend ako, marami akong natutunan.

"Kaagapay ang DA, nagkaroon kami ng FFS (Farmer Field School). Nagkaroon po kami ng organisasyon ng mga magtatanim – ang Napo Agri-Vegetable Growers. Dun po kami nag-umpisa. Meron po kaming nasa 17 farmers na magguguly at hanggang sa ngayon po ay nagtatanim pa ng gulay."

Pahayag ni Chris, "Parang Extension Worker sya kasi may mga pagkakataon po na 'pag wala ako, sya po ang pumupunta doon. Through text na lang po kami, kaya mas madali po ang pagbigay namin ng technology sa mga farmers namin.

"Kung wala sila, I cannot do it myself. Yung ibang technology din, hindi lang sa akin, may natutunan din ako sa kanila."

**Organisadong Agrikultura**

Sa upland areas ng Polangui naninirahan ang maraming katutubo. Maging ang mga magsasakang katutubo inorganisa ni Chris. "Ang kagandahan ngayon, kahit sa mga tribal associations ko po, dati naka-concentrate sila sa root crops kagaya ng cassava, sweet potato, at banana. Yun lang talaga ang tinatanim nila. Kasi hindi pa sila masyadong knowledgeable sa vegetables.

"Through trainings, dinadala namin doon. Awa po ng Diyos marami na po ang mga IPs natin doon na talagang nag-engage sila sa vegetables. Dun nila na-compare na ang kamoteng kahoy, it takes eight months to one year to harvest. Ang kagandahan ngayon, doon na sila sa mga leafy vegetables. Kasi sa leafy vegetables, within 28 days pera na.

"Noong 2006, nang pumupunta ako doon sa bundok, talagang ang mga bahay nila ay light materials lang, kawawa naman talaga. Pero sa ngayon, halos lahat po doon na mga bahay-bahay may motorcycle na, dahil po sa vegetables na tinatanim nila.

"Sa ngayon, we have eight associations, registered sa DOLE (Department of Labor and Employment), composed of IPs (Indigenous Peoples) sa buong Polangui, mga tribal associations."

Paliwanag ni Chris, sa pamamagitan ng farmers associations naisasagawa ang pagsasanay, na syang nagpaunlad ng high-value crop production sa Polangui sa tulong ng tamang mga kagamitan. "After ng training, maganda ang vegetable production namin – unlike before, failure po sila pagdating sa seedling stage. Ngayon po, may greenhouse kami dyan, sa sowing stage doon, at binibenta sa farmers associations ang seedlings. Mas maganda ang production kasi ready for transplanting na po."

Ang pangunahing high-value crop seedlings na pinapadami para sa

farmers associations ay mga gulay tulad ng ampalaya, talong, kamatis, at sili,



Ang mga tulong materyal at teknikal mula sa DA-RFO at iba pang ahensya ay madaling naibababa sa tulong ng farmers associations. Paliwanag ni Gary, "Sa tulong ng DA, nasuportahan po kami ng organic at plastic mulch, na hindi na gaanong nahahawan ang aming magtatanim dahil may plastic mulch. Ganun din po sa mga insekto, nalimitahan ang paglaganap ng insekto."

Bukod sa pambansang pamahalaan, nakipag-ugnayan din ang MAO sa pribadong sektor, partikular sa East West Seed Company. Dahil patuloy silang nagtatanim ng mga gulay, itinanghal si Gary bilang farmer hero ng East-West Seed Company. "Kung ano po yung itatanim ng mga farmer members, sya rin pong ipinupunla ko. Nagsi-seedling po kami dito, para matulungan ang mga farmers," paglalahad ni Gary.

Dahil sa na-organisang farmers associations, may sapat na pananim ang 44 barangays, at ang iba ay binibili ng mga magsasaka sa ibang munisipyo at siyudad ng Albay para sa communal at commercial farms. Ang mga pantanim na pinupunla ng inorganisang farmers associations ay mabibili sa mababang halaga ng mga magsasaka. Ito ay nagtutulak ng agribusiness sa bayan ng Polangui, at maging sa ibang lugar.

Bukod sa tamang paraan ng produksyon, tinuunan din ng pansin ang tamang paraan ng pagbenta ng mga ani sa pamamagitan ng Polangui Federation of Growers Assn. Inc. (PFGAI) na nagmula sa binuong farmers associations. Ang PFGAI naman ang nakikipag-ugnayan sa Albay Agriculture Cooperative na itinatag ng Albay Provincial Agriculture Office (APAO). Si Gary ay presidente ng PFGAI at nasa Board of Directors ng Albay Agriculture Cooperative.

Ayon kay Chris, ang pagsasanay ay kasabay ng mga materyal na tulong at organisadong pagkilos ng mga magsasaka. "Sa training ng ATI – production, processing, at marketing – malaking tulong po talaga sa mga farmers namin. Packaged po ang technology na binibigay ng ATI, na ibinibigay din namin sa farmers associations namin dito sa Polangui.

"After harvest, may consolidator po kami. Kino-consolidate lahat na produkto dito sa Polangui, dinadala doon sa Provincial Office, sa Albay Agriculture Cooperative. So hindi na nahihirapan ang mga farmers. When it comes to marketing, hindi na kami masyadong nahihirapan dito sa Polangui.

**Alamat na Buhay**

Nabigyang-buhay ang Alamat ng Oyangui sa pamamagitan ng dumaraming produksyon ng pili at cacao, dalawang punong may makulay at mapulang bunga.

Simula 2017, nagparami na si Gary ng cacao seedlings. Aniya, "Certified ng BPI ang UF-18 at pino-propagate sa tulong ng Plantacion de Sikwate. Sa pagtatanong-tanong, marami na rin pong bumibili sa aming mga seedlings. Hindi lang po seedlings ng cacao, meron na rin po kaming pili. Nung isang araw, nag-deliver kami ng pili seedlings sa Sorsogon."

Isang pribadong kompanya ang nakikipag-ugnayan sa kanya upang isulong ang pagtanim ng cacao sa Polangui. Kwento nya, "With Plantacion de Sikwate from Catalunan Grande (Davao), naglagay muna kami dito ng seedlings ng cacao. Ang cacao na aming pino-propagate ay Criollo hanggang sa ngayon. Propagator ang Polagreen Agricultural Farm, na dating Polagreen Nursery Farm. Ngayon ay Agricultural Farm dahil kami ngayon ay nagpapatanim na. Ang tinanim namin na Criollo ay nilagay namin dito (sa Polagreen). Aside from cacao, nag-umpisa na rin kami sa pili. Naglalagay kaming mga gulay sa seedling tray.

Nakikilala na rin ang Polangui dahil sa mga puno ng cacao at pili. May 100 ektarya nang cacao ang napatanim sa Polangui, pahayag ni Chris.

Ayon kay Gary, nabibilhan sila ng 1,000 cacao seedlings sa loob ng isang buwan. Kaya tuloy-tuloy ang pagpunla nya, pati ng produksyon ng bestseller vegetable seedlings tulad ng kamatis, talong, at sili bawat dalawang linggo. "Basta pasunod-sunod lang ang aming itinanim, siguradong may aanihin. Nagpapatanim ako sa kung saan may available na lupa. May programa kami sa Polagreen na 'Ipunla Ko, Itanim Mo.' Pagkatapos na mag-harvest po tayo, aalisin lang po natin yung sa seedlings, sainyo na po ang kita. Ganun po kung papano kami tumutulong sa mga member ng 4Ps.

"Malaking tulong nang nagkaroon ng Facebook kasi kahit saan dito



**sa Bicol Region ay nakikita yung ating mga produkto na ready to transplant."**

**Dagdag naman ni Chris, "Ang Facebook account nila is 'Pola Green Nursery and Farm.' Yung mga nearby municipalities, lalo yung may 'Go Green, Grow Green' under Albay Program, halos lahat ng munisipyo dito po bumibili ng mga pantanim na ready for transplanting na."**

**Bilang full-time farmer, sa pagtatanim na binubuhay ni Gary ang kanyang pamilya. "Dito na po naitaguyod ang aking pamilya. Sa walong anak ko po ay nakapagpatapos na ako ng College. Criminology yung isa ko. May tatlong High School, isang elementary. Lahat po sila ay nagsisipag-aral sa tulong po nitong pagtatanim."**

**Dahil sa masiglang pagsasaka sa Polangui, nagkatotoo ang Alamat ng Pulang Angui sa pamumuno ni Ma'am Maricris.**

**Sa pagkakataong ito, hindi lang si Maria o Angui ang bida, kundi buong pamayanan. May sapat na suplay ng masustansyang mga gulay at prutas ang mga mamamayan, at may mataas na kita ang mga magsasaka dahil sa masaganang high-value crops ng Polangui. PRIMALOU B. IMPERIAL**

# BIYAYA SA BATUHAN:
## DARWEL, RCEF EXEMPLAR NG MASBATE

Nang siya'y magretiro sa kanyang trabaho noong 2006, bumalik si Darlon Amante at ang kanyang maybahay na si Welisa sa Barangay Batuhan sa Masbate City.

"Banker ako, I worked for 20 years sa bank," wika ni Darlon tungkol sa simula ng kanyang maaliwalas na sakahan sa Batuhan. "Nakatira ako sa San Pablo City when I was working. Sa Laguna, ang yayaman ng mga farmers doon, kumpara sa Masbate."

Kasama ng kanyang pamilya, bumalik si Darlon kung saan sya lumaki. "Ito ang playground ko when I was young," kwento ni Darlon. Tinawag nilang Rocky Mountains Farm ang anim na ektaryang bukirin na may natatanging mineral deposits na syang nagbigay ng kakaibang topograpiya dito. Nais nyang maprotektahan at pagyamanin ang lugar, ani Darlon.

Mahalagang pangalagaan ang upland areas dahil sa downstream effect nito sa komunidad na nakapalibot dito. Ano mang pagkasira at polusyon sa mataas na lugar ay dadaloy sa kanayunan at katubigan, kung saan mas maraming tao ang naninirahan.

**Pamilya at Bayan**

Nagsimula ang Darwel Farm dahil sa mga taong malapit kay Darlon. "Ang plano ko sana is to influence my relatives dito sa barangay namin. From NGO (non-government organization) ako, more on helping the poor ang NGO na pinasukan ko."

Tulad ng pangangalaga nila sa upland, ang pagtulong ng mga Amante sa kapamilya ay umapaw sa mas nakararaming mamamayan.

Taong 2019, ang Rocky Mountain Farm ay naging Learning Site for Agriculture (LSA) na sertipikado ng Agricultural Training Institute (ATI) bilang modelong sakahan. Sa tulong ng Rice Competitiveness Enhancement Fund (RCEF), nagsimula itong magturo tungkol sa pagsasaka ng palay at mas nakilala bilang Darwel Agricultural Farm.

Ayon kay Jobenel Dela Torre, RCEF Technical Staff ng ATI, kapartner ng ATI ang LSA tulad ng Darwel Farm sa implementasyon ng RCEF-Rice Extension Services Program. "Ang Darwel Farm ay accredited Farm School ng Technical Education and Skills Development Authority. Ang RCEF Scholarship Grants ay binibigay ng TESDA sa mga farmers. Sa Farm Schools tulad ng Darwel Farm, nag-aaral sila once a week sa Farmer Field School. It will run for almost four months. Ang 16 sessions ng FFS ay kailangan nilang matapos. Ang Darwel ay modelo rin sa pagpapalaganap ng technologies tungkol sa rice production at mechanization."

"Ang Darwel Farm (ay) hindi lang dito sa coastal mahalaga," ayon kay Philip Patiño, Agriculturist II ng Masbate City Agriculture Office. Dahil mas marami ang rainfed



areas at kaunti ang irrigated areas sa lugar, mas mababa kesa national average ang karaniwang ani ng mga magsasaka sa Masbate City.

Isa ang Masbate sa probinsyang prayoridad na paglagyan ng RCEF. "Sa ngayon, nararanasan namin ang unti-unting pag-increase ng production namin. From 3.2 metric tons per hectare nasa 3.5 metric tons per hectare na," ayon kay Philip.

Aniya, malaki ang papel ng Darwel Farms sa unti-unting pagtaas ng ani sa siyudad. Maraming interbensyon ng pamahalaang lokal ay isinasagawa katulong ang Darwel Farm. "Inuuna namin, pina-prioritize namin ang mga estudyante ng Darwel pagdating sa mga ayuda. Priority ang mga bagong tapos na estudyante at mga nagtapos sa Darwel."

Kinilala ng lokal na pamahalaan ang mga magsasakang matagumpay na naisagawa ang teknolohiya sa pagsasaka. "May napili nang two best farmers na umani ng 150 sacks per hectare, galing sila dito sa Darwel Agricultural Farm," paglalahad ni Philip.



**Malasakit at Inspirasyon**

Para kay Welisa Amante, kabiyak ni Darlon, hindi lang teknolohiya ang kailangang maibahagi ng Darwel Farm, kundi maging inspirasyon. "As a trainer, yung pinakaimportante sa amin, lalo na sa aming mga estudyante, yung motivation. Ma-motivate namin silang pumasok araw-araw, ma-motivate namin sila na yung natutunan nila sa amin dito sa farm ay madala nila sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay.

"Pinaka-best achievement namin na nakikita yung mga farmers namin na umangat ang buhay. Proud na po kami at napakalaking achievement na nararamdaman namin na umangat ang buhay nila."

Hangad ni Welisa ang pag-unlad ng mga kababaihang magsasaka. "Yung mga babae, mga nanay, na-empower ang kanilang pamumuhay, ang kanilang damdamin. Tumaas ang kanilang morale sa buhay. Kaya ng mga babae na trabahuin ang pagsasaka, sa tamang technology, lalo ngayon na may mechanization, nakita nila na kaya palang gawin ng babae ang kayang gawin ng lalaki."

Bukod sa pagsasanay na isinasagawa ng Darwel Farm, binibisita rin ng mag-asawang Amante ang sakahan ng mga kalahok na magsasaka. Ayon kay Welisa, "Pumupunta kami sa mga area nila. Pinupuntahan namin yung mga bara-barangay na nandoon ang kanilang kabas-anan, palayan. Tini-check namin, ano yung pwede nating makita na pagbabago o ano ang nandun sa farm, para makita namin kung pwede bang magawa na pagbabago."

Batid ni Welisa ang pangangailangan ng mga magsasaka. "Lalo na dito sa amin dito sa Masbate, kulang na kulang yung technology. Kaya parang kahit anong gawin nila, ganun at ganun pa rin."

Ang Ubongan Dacu ay isa sa mga barangay na pinuntahan nila, partikular ang sakahan nina Raquel Banoy at Daniel Laurio. Ayon kay Welisa "Tinatanong nila, 'Ma'am, ano bang pwedeng naming gawin dito?' Kasi kahit anong gawin nila, yun pa din ang ani. So pinuntahan namin. Dati kasi yung kanilang palayan, sa unahan mataas. Pagdating sa dulo, hanggang tuhod ang tubig. Akala nila tama na yun. Nababago sila kasi nga aktwal nakikita namin kung ano ang pwede nilang gawin, marami pa pala silang dapat gawin.

"Kaya ako natuwa kasi yung pinuntahan namin na akala namin hindi sya susunod, pero sinunod nya, tumaas talaga ang ani nila."



Patunay na extension workers ang mag-asawang Darlon at Welisa sa kanilang determinasyon. Ayon kay Welisa, "Part naman talaga ng gawain naming mga trainor ng Darwel, ng LSA na i-check, tingnan natin – ano ba ang nagawa ng technology sa ating mga magsasaka?

"Tinatanong namin, bakit kailangan nating humingi ng tulong sa gobyerno? Bakit hindi tayo mismo ang humanap ng pera at tayo'y makatulong sa ating sarili? Kasi hindi mo naman kailangang humingi ka pa ng tulong kung alam mo ang tamang pagsasaka.

"Lagi naming sinasabi, knowledge is power. Kung meron kang kakayahan, at meron kang technology, hindi yan makukuha sayo. Yan ang magdadala sayong pag-angat sa buhay."

By word of mouth, dumadami ang mga magsasakang nais lumahok sa mga pagsasanay sa Darwel Farm. "Yung mismong farmers talaga ang pumupunta dito. Yung mga kapatid, kasama nila, mga kamag-anak ang talagang nagpapapunta sa kanila sa Darwel. Hindi kami nahihirapang mag-alok ng mga estudyante," pahayag ni Welisa.

**Kabataan at Teknolohiya**

Anak ni Darlon at Welisa, si Sharlene Mae Allanigue ay nahikayat aralin ang makabagong teknolohiya sa pagsasaka. "Nakakatuwa na makita, habang nagtuturo ako sa mga farmers natin, yung willingness at yung kagustuhan nilang matuto sa tamang paraan ng pagpapalay at tamang paggamit ng teknolohiya."

Bilang farm trainer ng Darwel Farm, inaral nya ang mga teknolohiyang ibinabahagi sa mga magsasaka. "Dumaan po muna ako sa training sa pamamagitan ng Agricultural Training Institute. Nag-conduct po sila ng Training of Trainers on Production of High-Quality Inbred Rice & Seeds and Farm Mechanization.

"Nag-conduct ng training ang ATI dito sa Masbate tungkol sa Digital Agriculture na mas makakatulong sa ating mga farmers kung paano nila mabebenta ang kanilang mga produkto sa pamamagitan ng social media."

Ang paggamit ng agricultural application software para sa pagsasaka ng palay ay itinuturo ni Sha sa mga magsasakang kalahok sa FFS na pinondohan ng TESDA.

Bilang LSA na sertipikado ng ATI, ang Darwel Farm ay isang RCEF Farm School na may hindi bababa sa isang daang kalahok taon-taon, simula 2019.
**PRIMALOU B. IMPERIAL**

## 20 FARMER-LEADERS GANAP NANG #SMARTFARMERS




**MAGARAO, Camarines Sur** – Dalawampung (20) kalahok mula sa iba't-ibang Learning Sites for Agriculture (LSAs) ng Camarines Sur, Camarines Norte, Albay, Sorsogon at Masbate ang nagtapos ng pagsasanay na "Let's Go Digital: Digital Farmers Program (DFP) for Farmer Leaders". Ito ay isinagawa noong ika-8 hanggang ika-10 ng Agosto ngayong taon sa Sonrisa Farm, Magarao, Camarines Sur.

Ang pagsasanay ay pinangunahan ng ATI Bicol sa pakikipagtulungan ng Digital Agriculture and Innovation Center ng Central Bicol State University of Agriculture (CBSUA) at Smart Communications. Nagsilbing tagapagsalita si Karlos Miguel Haber, Information Technology expert ng CBSUA, tungkol sa kung paano gamitin ang internet, paano makakaiwas sa online scams at paggamit ng GPS Field Area Measure. Tinalakay naman ni Jobenel De La Torre, RCEF Support Staff ng ATI Bicol ang iba't-ibang Knowledge Resources at Agricultural Apps tulad ng Binhing Palay, AgriDOC, Rice Crop Manager, LCC, MOET at iba pang mobile apps sa pagsasaka
.

Sina Christian Tosoc, Media Production Specialist II at Ma. Francia E. Bautista ng ATI Bicol, ay nagturo tungkol sa smartphone, paggamit ng social media, mga apps tulad ng Payong PAGASA at QR Code Technology. Kabilang din sa pagsasanay ang talakayan tungkol sa paggawa ng online poster gamit ang Canva, maging ang paggamit ng iba't ibang e-commerce platforms tulad ng Lazada at Shopee, at online transactions/payments tulad ng Maya at GCash.

Ang DFP ay itinataguyod ng ATI at Smart Communications upang makapagsanay ng mga farmer-leaders ng LSAs tungkol sa digital farming. Sila ang magiging katuwang ng ATI upang matulungan ang mga magsasaka na ma-access ang mga importasyong kailangan upang makagawa ng mas mahusay na desisyon sa pagsasaka.

Layon ng DFP na pagbutihin ang mga kahusayan at kasanayan sa paggamit ang digital technology, at palawakin ang oportunidad para sa mga magsasaka upang maibenta nila ang kani-kanilang ani sa paraang mas maayos at mas makatutulong sa kanilang kabuhayan. **CHRISTIAN T.R. TOSOC**

## 2 BICOLANO AEWS ARE NATIONAL FINALISTS IN SEARCH FOR OUTSTANDING 4-H CLUB COORDINATOR

**MALAY, Aklan** – Ms. Grace P. Teaño of Albay and Engr. Mark Anthony C. Salacup of Masbate were hailed as National Finalists in the 2023 Search for Outstanding 4-H Club Coordinator.

Held annually, the Search recognizes exemplary Agricultural Extension Workers (AEWs) who serve as 4-H Club implementers.

Ms. Teaño is the Provincial 4-H Club and Farm Youth Development Program Coordinator of Albay. With her expertise, dedication and commitment in implementing 4-H projects and activities, she motivates Municipal and City 4-H Club Coordinators as well as 4-H youths to excel in national projects and international training programs for young farmers.

On the other hand, Engr. Mark Anthony C. Salacup is the Municipal 4-H Club Coordinator of Aroroy, Masbate. He consistently guides the paths of the 4-H Clubs and its young farmers, enabling them to commit themselves to agriculture. Harnessing the youths' talent and energy, he paved the way for them to be recognized in various competitions.

Congratulations and we are proud of you, Ms. Grace and Engr. Macky! **MA. TECHIE M. LIZASO**



## Roberto Diesta is National Finalist in Search for Outstanding 4-H'er



**MALAY, Aklan** — Mr. Roberto N. Diesta, Muladbucad Grande 4-H Club Vice President, is a finalist in this year's Search for Outstanding 4-H'er

As a leader of the 4-H Club in Guinobatan, Albay since 2010, Mr. Diesta co-implements 4-H projects and activities in the province with exceptional dedication and excellence. As a proactive young farmer, he maintains the Diesta Farm in Guinobatan, Albay where he teaches many other farmers and youths with the knowledge and skills he learned as a graduate of the Youth Empowerment for Sustainable (YES) Program and the Filipino Farmers Training Program in Japan (YFFTPJ). He mentors other farmers as well as motivates his fellow youths to pursue agricultural projects and community development activities, working closely with other 4-H Club officers and members, particularly Mr. Christopher Nocos, President of the Albay Provincial 4-H Club Federation.

Congratulations and we are proud of you, Bert. Kudos to all young leaders and 4-H'ers! **MA. TECHIE M. LIZASO**

## JAEC, ATI INTRODUCE SAVERS TECHNOLOGY



**LA TRINIDAD, Benguet** – The Japan Agricultural Exchange Council (JAEC), in collaboration with the Department of Agriculture-Agricultural Training Institute, held the 10-day SAVERS (SAfe VEgetable from Rich Soil) Training of Trainers - Batch 1 in ATI-CAR, La Trinidad, Benguet last September 11-20, 2023.

The 10-day TOT was attended by 25 participants from various provinces in Luzon, including Pampanga, Pangasinan, Nueva Viscaya, Batangas, Cavite, Laguna, Quezon, Rizal, and Camarines Norte.

The training was effective in preparing Farmer Leaders and Agricultural Extension Workers (AEW) for the SAVERS Technology, particularly the wood vinegar known as "Mokusako." This technology has the potential to help farmers increase farm productivity while using fewer synthetic pesticides and fertilizers. Participants in the training had the opportunity to visit existing mokusako and vermicomposting facilities, as well as other farmers in Benguet who are using Japan Technologies in their farming.

The participants were able to gain knowledge during the 5-day lecture and apply what they learned during the 4-day hands-on activities in various farm sites. The participants are now ready to plant their learning in their own respective provinces through farmer seminars and meetings, and most importantly the adoption of technology to their farms. A technology that could be very beneficial in increasing their farm output and income.
**SHENNA P. NAVAL**



Ang mga nagsipagtapos kasama sina (nakaupo mula sa kaliwa) Lizel Martin ng OPAg, Dating Provincial HVCDP Coordinator Cita Cana, SOA Project Officer Isagani Valenzuela, Jr. ATI Bicol OIC Assistant Director Emmanuel Orogo, OIC Provincial Agriculturist Grace Graciana Tagnipez at Provincial HVCDP Coordinator Annie Jane Mondares.

## 500 MAGSASAKA NG PRUTAS AT GULAY NG MASBATE, NAGTAPOS SA SOA ON GOOD AGRICULTURAL PRACTICES

**MASBATE CITY, Masbate** – Limandaan (500) na mga magsasaka ng prutas at gulay mula sa iba't ibang bayan at isang lungsod sa Lalawigan ng Masbate ay matagumpay na nagtapos sa School-on-the-Air program on Good Agricultural Practices (GAP) for Fruits and Vegetables, na may temang 'ATINg Kaugnay School on the Air on Good Agricultural Practices sa Prutas kay Gulay.' Iginanap ang graduation ceremony sa Masbate City noong Nobyembre 9, 2023

Ang nasabing programa, na tumagal ng apat na buwan at may 12 episode sa radyo, ay nagtagumpay sa pagbigay ng alternatibong edukasyon sa mga magsasaka sa pamamagitan ng pakikinig sa radyo tuwing Sabado, mula alas-9 hanggang alas-10 ng umaga sa 98.3 Spirit FM. Ang ATI Bicol, sa pakikipagtulungan sa Pamahalaang Panlalawigan ng Masbate at ang Provincial Agriculture Office nito, ang nagtaguyod sa programa sa ilalim ng High-Value Crops Development Program (HVCDP). Ang mga HVCDP coordinator ng bawat bayan ay naging tagapamahala sa mga piling magsasaka ng prutas at niyog.

Sa mensahe na binasa ni ATI Bicol OIC Assistant Director Emmanuel Orogo, ipinaabot ni Center Director Elsa Parot ang kanyang taus-pusong pagkilala sa sakripisyo ng mga magsasaka at hinikayat silang buksan ang kanilang puso at isipan sa pag-aaral. Binigyan rin siya ng pag-asa na ibahagi ang kanilang mga natutunan sa iba.
Sa kanyang bahagi, nagpasalamat si OIC Provincial Agriculturist Grace Graciana Tagnipes sa ATI at ikinatuwa ang pagbibigay ng karagdagang kaalaman sa mga magsasaka ng prutas at gulay, bagaman hindi ito ang pangunahing produkto sa kanilang lalawigan. Ipinagmamalaki rin niya ang mga HVCDP coordinator sa pangunguna ni HVCDP Provincial Coordinator Annie Jane Mondares sa kanilang matagumpay na paggabay sa mga mag-aaral.

Ang ATI Bicol Information officer na si Isagani Valenzuela Jr. ang nagsilbing Project Officer ng SOA. Sa graduation ceremony, sina ATI Bicol Project Evaluation officer Roberto Santos Jr. at Lizel Martin ng Office of the Provincial Agriculturist (OPAg) ang nag-emcee. Nagbigay suporta sa mga gawain ang mga tauhan ng ATI na sina Cherry Rose Gavino, Nel Mark Gasga, at Arnold Roadiel. **ISAGANI C. VALENZUELA, JR.**

## ATI BICOL ORIENTS AND FACILITATES CONTRACT SIGNING




**PILI, Camarines Sur** – The Agricultural Training Institute Regional Training Center V (ATI Bicol) conducted an orientation and contract signing for twenty-eighth (28) Educational Assistance for the Youth in Agriculture or EAsY Agri Batch 3 scholars from the Bicol region on October 4, 2023 at Isarog Hall, ATI RTC V, San Agustin, Pili Camarines Sur.

The orientation included a brief description of the EAsY Agri scholarship program and presentation of the guidelines and contract before the signing. The ATI Bicol Scholarship Program committee and responded to the queries raised queries from the grantees, guardians, and parents.

ATI Bicol Center Director Elsa A. Parot attended the activity together with ATI Staff: OIC-Assistant Center Director Emmanuel L. Orogo, ATI Bicol Accountant Alfrench D. Nisorrada, MPS II/ Scholarship Focal Marjhan V. Ramboyong, Scholarship Support Staff Fatima O. Ayende, and CDMS Technical Support Staff Joyca O. Labios and Charlene O. Freeman. **MARJHAN V. RAMBOYONG**





## Foreign Students, Professors Visit ATIng UMA

**PILI, Camarines Sur** – "When we were planning ATIng UMA, we hoped that people who visit ATI will learn something new about farming," ATI Bicol Center Director explained when asked by foreign students how the Center-based Learning Site came about.

The students visited ATI Bicol particularly ATIng UMA as part of their agritourism studies in the Graduate School of International Development at Nagoya University.

The visit was facilitated by the Central Bicol State University of Agriculture (CBSUA) and the University of the Philippines at Los Baños (UPLB) through UPLB Professor, Dr. Malu Malabayas, as well as UPLB-CBSUA Cohort Student-Faculty, Don Ramti Bendaña and Jill Rodriguez.

Led by Professor Higashimura




Takeshi, the visiting Nagoya University students were Xiaomemg Li, Myrian Coronel, Sabai Phu, and Xingwei Dong. They conducted overseas fieldwork in the Agritourism Field.

Alexander Vargas, Training Specialist I and Focal Person for Learning Sites of Agriculture (LSA), toured the group around the 12 components of ATIng UMA. He explained that the mnemonics UMA stands for Unlimited Mentoring in Agriculture. "Uma" is also a Bikolano word which means farm. **PRIMALOU B. IMPERIAL**

## PAYO SA PALAY (RCM BRIEFING) ISINAGAWA SA PAMPLONA, CAM. SUR

**PAMPLONA, Camarines Sur** – Sa unang pagkakataon, nagsagawa ang ATI Bicol sa Bayan ng Pamplona sa Camarines Sur ng 'Payo Sa Palay' o ang paghahatid ng tamang gabay sa nutrisyon ng palay sa pamamagitan ng Rice Crop Manager o RCM. Katuwang ng ATI Bicol ang Municipal Agriculture Office ng nasabing bayan.

Ang RCM isang digital agriculture application na nagbibigay sa mga magsasaka ng naangkop na rekomendasyon para sa tamang pangangalaga sa nutrisyon ng kanilang palayan para tumaas ang kanilang ani at kita.

Labing-dalawang (20) mga magsasaka ng palay mula sa limang barangay ng Pamplona ang naging bahagi nito at nabigyang ng isang pahinang rekomendasyon na nagsasaad ng tamang fertilizer, tamang dami at tamang panahon ng paglalagay nito. Meron din mga rekomendasyon tungkol sa tamang panahon ng paglalagay ng insecticide, pagdadamo at alternate wetting and drying o AWD.



*An LGU staff interviews a farmer using the RCM application.*

Si OIC Municipal Agriculturist Janice Belga ang nag-welcome sa mga magsasaka at sa grupo ng ATI sa pangunguna ni RCM Point Person Isagani Valenzuela Jr. Ang huli din ang syang nagpaliwanang tungkol sa benepisyo ng RCM.

Ayon sa pag-aaral, maaring magdulot ng dagdag na 400 kilo ng palay sa bawat ektarya , o karagdagang libong pisong kita sa mga magsasaka depende sa presyo ng bilihan ng palay.

Sa kasalukuyan, umabot na ng lampas 12,500 ang naipamahaging rekomendasyon sa buong Bicol. Ang Payo Sa Palay ay ginanap sa Pamplona Municipal Agriculture Office noong Septyembre 12, 2023. ISAGANI C. VALENZUELA, JR.

## MEASURING EFFECTS: ROLLOUT OF MEL PLATFORM IN 4D FARMS



**PILI, Camarines Sur** – Twelve Learning Site for Agriculture (LSA) representatives, six Local Farmer Technicians (LFT), and two ATI Bicol technical staff participated in the Regional Rollout of the Use of Outcome-Based Monitoring, Evaluation and Learning (MEL) Tool on September 27-29, 2023 at ATI Bicol in Pili, Camarines Sur.

Conducted by ATI Bicol and the Department of Agriculture-Regional Field Office (DA-RFO), the MEL Tool is a data gathering platform that monitors the results of DA interventions among rice farmers using the Digital Tool in Data-Driven Decision Making (4D).

The activity aimed to generate reliable information for DA Managers to evaluate the effectiveness of the various rice program interventions for farmers, particularly the Rice Crop Manager Advisory Services (RCMAS).

This three-day training piloted the administration of the MEL Tool among at least 200 rice farmers in nine barangays in the municipalities of Pili, Bula, and Ocampo, as well as gathered rice production and harvest data for the 2023 Wet Season.

During the Opening Pro gram, Mr. Emmanuel Orogo, OIC-Assistant Center Director of ATI Bicol, gave his Inspiration Message, emphasizing the importance of monitoring the interventions as well as the participation of the LFTs and LSAs in the process.

Guided by the Resource Persons - namely Ms. Vivian Ayo and Mr. Irvin Morco of DA-RFO - the trainees accessed the RCMAS User Registration and Verification interphase. The training produced newly registered and verified RCMAS users.

The training generated the list and interviewd randomly selected survey respondents. **PRIMALOU B. IMPERIAL**

Continuation from Page 7

## OKAY SA ALRIGHT! ATI BICOL, NAKIISA SA 9TH ORGANIC AGRICULTURE MONTH CELEBRATION

ang Viani Farm ang tinanghal na panalo sa luto nitong 'pinakro'. Nakatanggap ito ng premyong nakakahalagang Php10,000.

Kasama rin sa aktibidad ang paggawad sa Camarines Norte Federation of Cooperatives ng Certificate of Accreditation bilang Participatory Guarantee System (PGS) Organic Certifying Body. Naging saksi dito si Camarines Norte Provincial Agriculturist Engr. Almirante Abad.

Nagkaroon din ng pamamahagi ng karanasan at karunungan ang Joross Farm sa pamamagitan ng mag-asawang may-ari nito na sina Jose at Rossini Obligacion tungkol sa organic farming. Ang Joross Farm ay multi-awarded farm na isa ring LSA ng ATI Bicol. Nagtapos ang araw sa pamamahagi ng mga seedling at certificate of appreciation sa mga dumalo. **ISAGANI C. VALENZUELA, JR.**





## 27 AEWS NAGTAPOS SA SL-TOT ON CORN PRODUCTION; 133 MAGSASAKA, NAGTAPOS DIN SA FFS

**PILI, Camarines Sur** – Pagkalipas ng apat na buwang Season-Long Training of Trainers (SL-TOT) on Corn Production Technology, matagumpay na nagtapos ang 27 Agricultural Extension Workers sa ginanap na graduation ceremony sa ATI Bicol compound sa Pili, Camarines Sur noong nakaraang Oktobre 6. Kasama nila ang 133 magsasaka na kanilang sinanay sa ilalim ng Farmers' Field School (FFS).

Ang 27 AEW mula sa anim na probinsya ng Bicol ay binigyang kaalaman at kasanayan mula sa pagtanim ng mais hanggang sa pag ani nito. Maliban dito, grinupo sila at itinalaga sa limang barangay sa Lungsod ng Naga at Bayan ng Pili kung saan nagsagawa sila ng FFS. Ang bawat FFS ay kinabibilangan ng 25-30 magsasaka. Itinuro nila sa FFS ang kanilang mga natutunan sa pagsasanay. Dagdag pa dito, nagkaroon din sila ng pagbisita sa mga iba't ibang sakahan ng mais sa mga lalalwigan ng Cebu at Bohol.

Si ATI Bicol Center Director ang nanguna sa makulay na graduation ceremony. Kasama nya rito si Ginoong Marcial Bustarga ng Department of Agriculture-Regional Field Office V na kumatawan kay Regional Executive Director Rodel Tornilla. Naroon din si Camarines Norte Provincial Agriculturist Engr. Almirante Abad at iba pang Municipal Agriculturists bilang pagsuporta sa kanilang mga staff na nagtapos sa SL-TOT.

Kasama rin sa okasyon si ATI Bicol OIC Assitant Center Director Emmanuel Orogo at Agriculturist II at Corn Point Person Edgardo Nacario na siya ring Project Officer ng ika-11 batch ng SL-TOT. Katuwang din sa proyekto si Alexander Vargas, ang Alternate Corn Point Person at Technical Assistant Valourie Bañes.

Si Ma. Teresa Curedo ng Buhi, Camarines Sur ang itinanghal na Class Valedictorian.

Ang mga nagsipagtapos ay magagawaran ng 75 Continuing Professional Development points mula sa Professional Regulation Commission.

Ang SL-TOT ay ginanap magmula Mayo 22 hanggang Oktobre 6, 2023. **ISAGANI C. VALENZUELA, JR.**




## 2,500 MAGSASAKA, NAGTAPOS SA PALAYARALAN

**VIRAC, Catanduanes** – "Very interesting talaga dahil sa mga bagong technology, at dagdag kaalamam sa aming mga magsasaka." Ito ang nawika ng isa sa 2,500 na magsasakang nakapagtapos ng Smart Rice Agriculture School-on-Air (SOA-SRA) sa lalawigan ng Catanduanes.

Tinaguriang Palay-Aralan sa Makabagong Pagsasaka, ang SOA-SRA ay isinagawa ng Department of Agriculture-Agricultural Training Institute (DA-ATI) at Lokal na Pamahalaan ng Catanduanes simula March hanggang noong June 2023. Ang Seremonya para sa Pagtatapos ng SOA-SRA ay isinagawa sa Virac Sports Center noong July 6, 2023 kung saan halos isang libong magsasaka at kabataan ang dumalo upang tanggapin ang kanilang sertipiko. Dumalo sa nasabing Graduation Ceremony ang mga kalahok mula sa mga munisipyo ng Bato, San Andres, San Miguel at Virac.

Sa nasabing okasyon, nagbigay ng kani-kanilang Mensahe at Pagbati sina Virac Mayor Samuel Laynes, ATI Center Dir. Elsa Parot, at Provincial Agriculturist Ace William Tria.

Samantala, ang mga kalahok sa malalayong munisipyo ng Catanduanes ay nagsagawa ng kanya-kanyang Graduation Ceremony.

Ang limang buwang SOA-SRA ay pinangunahan ni Christian Tosoc bilang Project Officer. Aniya, hangad ng ahensya na "sa makabagong teknolohiya, walang maiiwan, lahat aasenso. Mahal kayo. Mahalaga kayo". **PRIMALOU B. IMPERIAL**

# FEEDING GROWTH AND CULTIVATING CONNECTIONS: ATI BICOL JOINS 6TH BICOL AGRI SUMMIT



**PILI, Camarines Sur** – The Agricultural Training Institute- Regional Training Center 5 (ATI Bicol) is thrilled to share the exciting highlights of the 6th Bicol Agri Summit, which took place at the Camarines Sur Convention Center in Pili, Camarines Sur, from July 27 to 29, 2023. The Camarines Sur Chamber of Commerce and Industry, Inc. (CSC-CI), in partnership with the Provincial Government of Camarines Sur, organized this occasion to bring together business owners, experts, farmers, and agricultural enthusiasts.

The ATI Bicol proudly served as one of the event sponsors, backing five Learning Sites for Agriculture (LSA) booths and two booths for Rural-based Organizations such as the Rural Improvement Club and 4H Club of the Bicol Region. These are:

Viani Farm Resort showcased an array of delightful products, including dragon fruit, pili goodies, bignay juice, and other native fruits.

Deloverges Agri Farm presented a sustainable business opportunity in Taro (Gabi).

Dagooc Farm impressed visitors with healthy carbonated fruit juices.

Manuel's Garden Integrated Farm offered various processed herbal teas, fruit juices, and chips to tantalize taste buds.

Camarines Sur LSA, Inc. showcased the artistic displays of golden kuhol into a work of art.

The 4H Club of the Bicol Region showcases the innovative products of its youth members.

The RIC of Iriga came together and sold the agricultural products they produced on their farm.

The exhibits provided a platform for LSAs and RBOs to engage in sales and foster valuable connections with like-minded entrepreneurs, paving the way for potential collaborations and mutually beneficial partnerships. Throughout the event, attendees engaged in interactive activities, including exciting raffles and agriculture-related discussions from various government and non-government agencies.

The ATI Bicol took the opportunity to promote its programs and services, ensuring that attending farmers received valuable information to support their agricultural endeavors. ATI Bicol Media Production Specialist II Mr. Christian TR. Tosoc enthusiastically discussed the innovative Digital Farmers Program (DFP), while Mr. Alexander O. Vargas passionately discussed the wonderful opportunities of Coconut-Based Learning Sites for Agriculture (Coco-LSA).

One of the event's standout moments was the success of ATI Bicol technical staff member Ms. Rafaela Bajaro, who secured 3rd place in the Facebook reel competition titled "Anong Kwentong Agri Mo?". Additionally, 4Her, Ms. Angelica Porto, claimed first place in the contest.

The ATI Bicol thanked CSCCI and all its partners for making the wonderful occasion possible. They commit to continue serving the farmers with joy, camaraderie, and passion towards a prosperous agriculture for Bicol Region. **ALEXANDER O. VARGAS**

## Bicolanos revolutionizing the Agriculture and Fisheries Extension through PAFES

The Province-led Agriculture and Fisheries Extension System is now in full swing, and we're thrilled to announce that the Province of Sorsogon has taken the lead as the first implementers with the first batch of trainees on Asexual Propagation of Pili with Good Agricultural Practices on August 30, 2023. This groundbreaking initiative was set into motion, heralding a new era for agricultural development in our region.

Masbate has also been making strides in the field, with their first training on Climate Resilient Seaweed Technology Cum Post-Harvest Handling, which took place on September 6-7, 2023, at the Masbate Fisheries Training Center in Dacu, Mobo, Masbate.

Meanwhile, OPAg Sorsogon is performing exceptionally with their second training on Asexual Propagation of Pili, coupled with Good Agricultural Practices, which was conducted on September 7, 2023, at the Provincial Nursery and Training Center in Juban, Sorsogon.

These activities mark a significant shift in agriculture and fisheries extension throughout the region.

## ATI Bicol, DA-RFO 5, AVO Conduct Swine Health Care Management

The Albay Veterinary Office in partnership with DA RFO V, ATI Bicol and other partner agencies conducted the Training on Swine Healthcare Management on November 7-10, 2023 at Farmers Auditorium, AFB-Ville, Camalig, Albay. The training was part of the indicated activities of Albay in their Collaborative Provincial Agriculture and Fisheries Extension Program (CPAFEP) under the Province-Led Agriculture and Fisheries extension System (PAFES).

Forty (40) hog raisers in Albay participated in the training. Several topics related to Healthcare Management, marketing and regulatory requirements and environmental regulations were discussed.

The activity aimed to enhance the knowledge, skills and potential of the hog raisers in swine production as well as in financial literacy, promote sustainable agricultural practices and improve productivity in swine farming, establish a network of trained farmers who can serve as mentors and learning service providers.





# ATI BICOL, UMAPAW ANG SAYA SA FAMILY DAY



**PILI, Camarines Sur** – Dahil mahal ng ATI Bicol ang kanyang mga empleyado, naglaan ito ng isang araw para sa mga kapamilya nito bilang pagpugay at pasasalamat sa kanilang suporta, pag-unawa at pagmamahal sa kanilang mga mahal sa buhay na nagsakripisyo ng oras sa kanila dahil sa serbisyo sa bayan.

Bitbit ang kanilang mga magulang, asawa, anak, kapatid at iba pang kamag-anak, sabay-sabay na ipinagdiwang ang pangalawang 'Family Day' na isinagawa sa mismong opisina nito sa Brgy. San Agustin, Pili, Camarines Sur.

Maliban sa mga masasarap na handa at hitik sa sayang mga palaro, inikot din ang mga kapamilya sa UMA, o Unlimited Mentoring in Agriculture, ang techno-demo site ng ATI Bicol na nagpapamalas ng iba't ibang aspeto ng teknolohiya sa agrikultura. At para ipakilala ang agrikultura lalo na sa mga bata, aktwal silang nagpakain sa mga isda at mga koneho.

Ang ATI Bicol ay mayroong 60 kawani, kabilang ito ang mga permanent at kontraktwal na empleyado. Dahil sa kanilang dedikasyon, husay at sipag, itinanghal ang ATI Bicol bilang Best Center sa buong bansa sa loob ng dalawang sunod-sunod na taon. **ISAGANI C. VALENZUELA, JR.**

# ATI BICOL, NAGBIGAY SAYA SA MGA MAG-AARAL NG PILI SPED CENTER



**PILI, Camarines Sur** –Bilang bahagi ng taonang outreach program ng ATI Bicol, pinili nitong handugan ng saya at pamasko ang mga mag-aaral sa ilaim ng Special Education Center ng Pili Central School.

Kasama ang mga tauhan ng ATI Bicol sa pangunguna ni Center Director Elsa Parot, mahigit 60 mag-aaral ang nabigyang handog at galak. Sa pamamagitan ng mga pabuya, palaro at munting salu-salo, nasilayan sa mga mukha nila ang labis na tuwa, kasama ang kanilang mga magulang at guro.

Bilang regalo, hinandugan ng ATI Bicol ang bawat pamilya ng Noche Buena package. Hindi rin kinalimutan ang paaralan na hinandugan din ng educational materials para makatulong sa edukasyon ng mga espesyal na kabataan. **ISAGANI C. VALENZUELA, JR.**

## Parangal, Pamaskong Katuwaan, Isinagawa sa ATI Bicol Praise Night

**PILI, Camarines Sur** — Parangal, pagkilala, at pamaskong katuwaan, isinagawa sa ika-limang taon ng ATI Bicol Praise Night.

Nitong nakaraang ika-21 ng Disyembre, iginawad ni ATI Bicol Center Director Elsa Parot ang mga plake at premyo sa mga panalong empleyado ng ATI Bicol.

Kinilala rin ang 35 taong ulirang serbisyo ni Mr. Eduardo San Buenaventura na magreretiro na sa darating na Enero 2024.

Masigabong pagbati sa mga kinilalang kawani ng ATI Bicol:

Joy Rodriguez & Christian Tosoc (Director's Award)




Emmanuel Orogo & Nida Hagos (Best Employee Award – Permanent)
Joyca Labios & Valourie Bañes (Best Employee Award – Contract of Service)

Career Development and Management Section (Top Performing Section)

Edgardo Nacario & Karen Mendoza (Best Dressed sa Gabi ng Parangal)
Mj Ramboyong & Joyca Labios (Star of the Night)

Tumanggap din ng special recognition ang mga nag-implementa ng sumusunod na interbensyon: National Livestock Program (NLP), Coconut Farmers and Industry Development Program (CFIDP), Digital Farmers Program (DFP), at Rice Crop Manager (RCM).

---




**Congratulations ATI Bicol on Two Major Awards!**

**Top Performer**
**Physical Accomplishments for the First Semester FY 2023**

**Top 1 Performer**
**Overall Utilization of Fund Allocation for Current and Continuing Appropriations Covering the First Semester of FY 2023**

**Awarded on July 20,2023 during the ATI National Midyear Performance Review in Laoag City, Ilocos Norte**

ATING KAUGNAY NEWSLETTER

Editorial Board:
Technical Advisers | ELSA A. PAROT | EMMANUEL L. OROGO | ENGR. KRISTINE O. OLILA
Editor-in-Chief | PRIMALOU B. IMPERIAL
Editor/Writer | ISAGANI C. VALENZUELA, JR.
Layout Artist | CHRISTIAN T.R. TOSOC
Contributors | ENGR. JOHN SMITH ARCILLA | PRIMALOU B. IMPERIAL | ISAGANI C. VALENZUELA, JR. CHRISTIAN T.R. TOSOC | ALEXANDER O. VARGAS | SHENNA P. NAVAL | CHARLENE O. FREEMAN MICHAEL D. VILLEZAR | MARJHAN V. RAMBOYONG | MA. TECHIE M. LIZASO
Photo Credits | PROJECT IMPLEMENTERS

This newsletter is published every semester by the Information Services Section and the Department of Agriculture - Agricultural Training Institute - Regional Training Center V (DA-ATI Bicol)
Diversion Road, San Agustin, Pili, Camarines Sur | www.ati2.da.gov.ph/ati-5

Printed in the Philippines
Copyright 2023. All Rights Reserved